Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


## Nasa Loob


Cont...Nagawa sa Sektor ng Agrikultura at Pangisdaan p2
Buhos biyaya tinanggap ng magsasaka at mangingisda p3
Nagawa sa Sektor ng Agrikultura at Pangisdaan p4
Bantayog Youth Forum dinagsa p4
13 lumahok sa gandang patimpalak p4
Daet Elem.Sch. wagi p5
Local exhibitors ipinagmalaki produktong sariling atin p6
Skills Olympics para sa kahandaan sa panganib, isinagawa p6
Operation Smile 2013 40 may bungi at depekto, inoperahan p6
55 hired on the spot sa Provincial Jobs Fair p7
Farm Youth Devt. Program sa lalawigan, pinuri ng regl. program coordinator P7
Rahugan Fest panalo! p7




Gob. Edgardo A. Tallado


The Department of the Interior and Local Government
confers this
SEAL OF GOOD HOUSEKEEPING
to the Province of Camarines Norte for CY 2011
in recognition of its efforts in advancing the principles of accountability and transparency in local governance.
JESSE M. ROBREDO
Secretary

# 3,000 dumalo sa Farmers and Fisherfolks Forum

Dinaluhan ng humigit-kumulang 3,000 magsasaka at mangingisda sa lalawigan ang 1-araw na *Farmers and Fisherfolks Forum* noong Abril 10, 2013 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC).*



Panauhing pandangal dito si Dr. Eufemio T. Rasco, *PhilRice Executive Director* na binigyang-diin na ang maayos at mabilis na daan tungo sa pag-asenso ng ating bansa ay ang pagpapaunlad sa sektor ng agrikultura na pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng ating mga kababayan.

Ang 1-araw na gawain ay tinampukan ng paglulunsad ng *National Year of Rice (NYR);* pagla-

*(Sundan sa pahina 3)*

# CamNorte sumusuporta sa Nat'l. Year of Rice

Ang *National Year of Rice (NYR)* at *Food Staple Sufficiency Program (FSSP),* dalawang mahalagang programang pang-agrikultura ay binigyan ng ibayong atensyon sa isinagawang *Farmers and Fisherfolks Forum* noong Abril 10, 2013 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC).*

Iprinesenta ni *Dir.* Reynaldo C. Castro, *PhilRice Bicol Branch Manager* ang basehan at prinsipyo *(rationale)* sa likod ng naturang pambansang programa na nakatuon sa adbokasiyang, "Sapat na Bigas, Kaya ng Pinas" *(Save Rice, Save Lives).*

Inilahad naman ni *Engr.* Abelardo R. Bra-

*(Sundan sa pahina 3)*




# Gob. Tallado nag-ulat ng mga nagawa sa Agrikultura

*Bahagi ng Farmers and Fisherfolks Forum* noong Abril 10, 2013 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)* ang pag-uulat ni Gob. Edgardo A. Tallado ng mga nagawa ng kanyang administrasyon sa sektor ng agrikultura at pangisdaan.

Ipinabatid niya na sa ilalim ng kanyang termino-2010 to 2013 ay mahigit sa P2.86B o mahigit sa 828.7M taun-taon on the average ang napunta sa mga proyektong Pang-Agrikultura at Pangisdaan.

Sinabi niya na ito ay kanyang naisagawa sa pamamagitan ng close collaboration and fund counter parting ng ibat-ibang sangay ng Pamahalaan tulad ng: Department of Agriculture; Department of Agrarian Reform; Bureau of Fisheries and Aquatic Resources; National Irrigation Administration; National Food Authority; Philippine Rice Research Institute; Philippine Coconut Authority; Fiber Industry Development Authority; Bureau of Soils and Water Management; Agricultural Training Institute at Municipal Local Government Units.

Masusing nakinig ang mga magsasaka at mangingisda na dumalo pati na ang mga kinatawan ng mga nabanggit na ahensya. Masigabong palakpakan ang kanilang ibinigay sa gobernador sa pagbibigay puntos niya sa mga mahahalagang proyekto at programang isinulong niya sa pamamagitan ng sipag, tiyaga at husay ng mga namumuno at kawani ng *Office of the Provincial Agriculturist.*

Matapos ang kanyang pag-uulat ng mga *accomplishments,* inilahad naman niya ang kanya pang mga plano para sa patuloy na pag-unlad ng sektor ng agrikultura at pangisdaan na ang

*(Sundan sa pahina 3)*

***Pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado, Bise Gob. Jonah G. Pimentel at SP Member Romeo Marmol, Chairman-SP Committee on Agriculture ang paglagda sa Commitment of Support sa National Year of Rice para sa adbokasiya na Sapat na Bigas, Kaya ng Pinas. Lumagda din dito ang iba't ibang ahensiya ng gobyerno at mga magsasaka na dumalo sa Farmers & Fisherfolks Forum***

# Nagawa sa Sektor ng Agrikultura...




(Mula sa pahina 4)

nagresulta sa climate change. Ang tubig ay mahalaga. Ang Tubig ay buhay. Kung kaya't malaking bahagi ng investment natin sa Agriculture ay nasa irrigation. Umabot sa 556.96M or 36 percent ng investment ay nasa irrigation development.

Para maisalin ang mga makabagong teknolohiya sa mga magsasaka humigit-kumulang sa 5.6M ang naitaya natin sa Extension Services in the form of Farmers Field School, technology demonstration, seminars, classes, lakbay-aral at iba pa. Para matugunan ang problema sa capital, tayo po ay nagpatupad ng Agricultural Loan Assistance program na kung saan ang mga magsasaka ay pinapahiram ng puhunan na kanilang babayaran sa pag-ani ng produkto ng walang maraming supporting documents. Nitong huli, sinubukan po natin na mabigyan kapangyarihan ang mga CBO kung kaya't binago na po ang scheme hindi na po pautang bagkus one time seed capital assistance. Bigay po natin ng grant sa asosasyon. Ipahiram ng asosasyon sa kanilang members, bayaran nila sa asosasyon upang muli nilang gamitin sa susunod na taniman. Sa ganitong paraan tinuturuan natin ang mga asosasyon na i-manage ang kanilang pondo ng maayos.

Tinatayang 6 na porsiyento ng ating ani ay nasasayang dahilan sa kakulangan ng mga bilaran at iba pang Post Harvest facilities, kung kaya't para matugunan ang problemang ito sinikap natin na magkaroon ang mga magsasaka ng mga dryer at post harvest facilities. Umabot sa P 30.47M ang halaga ng ibat-ibang machineries, equipment and post harvest facilities ang naitulong natin sa mga magsasaka sa buong lalawigan. Namahagi rin po tayo ng 15 handtractors with trailers and implement, 12 units ng thresher with cleaner, seed cleaner para sa mga seedgrowers at drum seeder upang maging madali ang mga gawain ng mga magsasaka sa bukid.

Dalawampong (20%) porsiyento ang dagdag sa inyong ani kapag magandang uri ng binhi ang ginamit ng mga magsasaka. Umabot sa P11.51M ang support natin sa certified seeds katumbas ng 15,339 na sako ng mga sertipikadong binhi ng palay ang naipamahagi sa buong lalawigan. Bilang suporta sa mga magniniyog P 5.53M ang ating naitulong para sa planting and re- planting program ng 377 ektarya ng niyogan. Para naman sa salt fertilization 15,028 bags ng asin ang naipamahagi samantalang umabot sa 158,350 coconut seedlings ang nadispersed. Sinusuportahan din natin ang BACOPICO sa pamamagitan ng pagkaloob ng mga Post Harvest facilities tulad ng coco coir dryer , bailing at revolving machines, truck/ hauler building, looming machine, twining machine at installation of 3 phase electricity para mabawasan ang cost of production. Sa ganitong paraan ang mga bunot na dating sinusunog lang na nagiging sanhi pa ng pagkasira ng kapaligiran ay naiiwasan sa halip ay nagiging pera at nagbibigay ng livelihood sa mga upland farmers.

Pagpapaunlad ng Abaka: Upang maparami ang produksiyon at mapataas ang kalidad ng produktong abaka, ang mga sumusunod na programa ay naipatupad simulang 2010-2012: tatlong ektaryang nursery sa Labo at San Lorenzo Ruiz ang na-established upang magsilbing pagkukunan ng mga pantanim sa abaka. 182 ektaryang abakahan ang na rehabilitate at napalawak; 73 ektarya ang naiiwas sa sakit; nagsagawa rin ng mga pagsasanay para lalong mapalakas ang industriya; at pagregulate sa mga mamimili at pabyahe nito. Ito ay nagkakahalaga ng kulang kulang isang milyong piso na nanggaling sa Fiber Industry Development Authority.

Paghahayupan: Sa layuning mabawasan ang problema sa malnutrisyon lalong pinaigting ang dairy development dito sa Camarines Norte. Tinatayang umaabot sa P 1.1M ang pundo na nailaan sa Dairy Development Program. Nagkaroon rin ng artipisyal na pagpapalahi sa may 2907 na hayop nagkakahalaga ng P 0.59M. Upang mapanatili ang kalusugan ng mga hayop, naglaan P 0.94M para sa gamot at bakuna kasama ang pagkontrol ng rabies. Pinalawak ang Animal Dispersal Program na may kabuoan na 100 plus na baka, 280 tupa at kambing, 244 na kalabaw, 1,100 na itik at 3,350 na baboy ang naipamahagi. Ito ay may kabuoang halagang P17.77M galling sa pamahalaang panlalawigan at sa kagawaran ng pagsasaka (DA). Patuloy itong sinusubaybayan ng mga personnel ng Provet para patuloy na ma e-redispersed sa mga next in line beneficiaries.

Pangisdaan: Upang matulungan ang mga mangingisda, katuwang natin ang BFAR sa pamamahagi ng 2 bangka, 14 na makinang pandagat at 1 patrol boat na nagkakahalaga ng P 0.915M. Para magkaroon ng sapat na fingerlings, nakapagtayo ng multi-species nursery sa Jose Panganiban at Mercedes sa halagang P 2.4M. Namahagi rin ng libreng fingerlings; tilapia 512,600, bangus 5,000 at hipon mahigit 5 milyong piraso galling sa pondo ng BFAR – P 0.955M at ₱0.2M mula sa Pamahalaang Panlalawigan. Namahagi rin tayo ng 10 toneladang binhi ng seaweed na nagkakahalaga ng P0.2M, samantalang namahagi rin ng mga lambat na nagkakahalaga ng P 0.444M, May kabuuang tulong na P3.487 para sa fishcage at mudcrab; P 0.3M galling sa Pamahalaang Panlalawigan, P 1.78M EU-SEARCA at P1.707 mula sa BFAR. Naisakatuparan rin ng BFAR ang Aquasilviculture project sa halagang P 2.895M. Para mapanatili ang pagiging sariwa ng mga isdang dadalhin sa palengke sa labas ng probinsya sa pakikipagugnayan ng inyong lingkod sa Department of Agriculture at NABCOR nakapagtayo ng 3 Liquid Quick Freezer Facility sa Mercedes, Jose Panganiban at Basud. Ito ay may halagang P 13.5M. Nakapagpagawa rin ng Multi Commodity Solar Tunnel Dryer at may kasamang iba pang pasilidad at operating capital sa Vinzons at Mercedes sa halagang P 1.277M sa ilalim ng EU-SEARCA program. Para lubos na mapangalagaan ang yamang kostal nakapaglaan ng P4.2M ang pamahalaang panlalawigan para sa proteksiyon at konserbasyon. Ang BFAR ay nakapaglaan ng P2.555M para sa mangrove rehabilitation. May kabuuang P32.27M halaga ng programa para sa pangisdaan.

Livelihood: Upang makatulong sa ibat-ibang proyektong pangkabuhayan sa pakikipagugnayan sa DA-NAFC sa ilalim ng AKBAY, nakapamahagi ng P3.510M sa 351 pamilya sa bayan ng Talisay, San Vicente at San Lorenzo. Ang PCA ay nakatulong ng ₱0.35M para sa coconut-pili-pineapple intercropping. Mula sa nakalap na pondo sa iba't-ibang funding sources may kabuuang ₱9.3M ang nabahagi sa mga kabataang magsasaka at kababaihan sa sa kanayunan para gamitin sa pagtatanim ng pinya, gulay, palay, saging, pili at pag-aalaga ng mga hayop. Ang DA at DTI ay nagtulungan para mapaganda pa ang packing and labeling ng cocosugar at dried fish.

Marketing Support: Sa layuning matulungan ng mga magsasaka sa pagbebenta ng kanilang produkto nakapagpatayo ng 15 Barangay Food Terminals na nagkakahalaga ng P 2.919M. Nakapagpatayo ng Bayanihan info and marketing sa Sta. Elena na nagkakahalaga ng P6.22M. Samantalang ang NFA ay nakapagbili ng palay sa halagang P182.73M.

Iba pang Programa: Nakapagpagawa ng mga Farm-to-Market Road na may kabuoang halaga na P1.586B mula sa ibat-ibang funding sources. Ito ay isinagawa sa halos lahat ng Barangay sa ating lalawigan. Upang mapaiksi at mapadali ng pagdala ng mga produkto patawid ng Maisog at Matacong, nakapagpagawa ang lalawigan sa pakikipagtulungan mula sa DA-Philmech ng Agricultural tramline. Ito ay nagkakahalaga ng P1.689M. Ang dating matagal na lakaran, ngayon ay 5 minuto na lang.

Nakapagkaloob ng pineapple mechanical dryer sa Basud na nagkakahalaga ng P0.38M. Upang matulungan ang mga magsasaka at mabawasan ang kanilang cost of production,nakabili tayo ng mga transhipment tulad ng trak, pick-up na may kabuuang halagang P 4.357M. Sa layunin magbigay ng tamang impormasyon at malinang ang kakayahan ng mga magsasaka, mga kabataang magsasaka at mga kababaihan sa kanayunan nagsagawa ng mga pagsasanay, technodemo at kahalintulad na gawain sa tulong ng iba't-ibang sangay ng Pamahalaan. Ito ay may kabuuang halaga P 12.5M.

Marami na po tayong nagawa sa sector ng Agrikultura at Pangisdaan subalit mas marami pa akong plano na dapat gawin para higit pa nating makamit ang kaunlaran dito sa lalawigan ng Camarines Norte. ###

# Buhos biyaya tinanggap ng magsasaka at mangingisda

Ipinamahagi sa *Farmers and Fisherfolks Forum* noong Abril 10, 2013 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)* ang iba't-ibang *farm equipment*, *machineries* at *post harvest facilities* mula sa *DA RO5.*

Kinabibilangan ito ng: *floating tiller* - 3; *mechanical thresher* - 4; *hand tractor with trailer* - 1; *flatbed dryer with biomass furnace* – 5; *flatbed dryer rehab* – 4. Pinunduhan din nito ang konstruksyon ng *multi-purpose drying pavement (MPDP)* para sa 10 kwalipikadong organisasyon ng mga magsasaka sa Camarines Norte kung saan 5 ang nasa bayan ng Labo; 3 sa Basud, at tig-isa ang Mercedes at Daet. Itinaguyod din nito ang pagpapagawa ng 4 na palay *sheds*, 2 para sa Basud; at tig-isa ang Labo at Mercedes. Nagkaloob din ito ng tseke bilang tulong-pinansyal sa 8 samahan na kwalipikadong benepisyaryo ng KASAMA *Livelihood Project*; 2 mula sa bayan ng Sta. Elena at tig-iisa mula sa mga bayan ng Basud, Daet, Labo, Paracale, San Lorenzo Ruiz at San Vicente. Namigay rin sila ng 10 pirasong *laminated sacks* para sa 10 kwalipikadong indibiwal na una nang napili ng kanilang tanggapan.

Para sa sektor ng pangisdaan, pinangunahan nina *BFAR Director Atty.* Asis Perez at Dir. Dennis V. del Socorro, *BFAR Regional Director* ang pagkakaloob ng tulong sa mga mangingisda sa lalawigan. Ito ay kinabibilangan ng 50 yunit ng *fishing gears* kung saan tig-10 indibidwal na benepisyaryo ang mula sa bayan ng Basud, Daet at Paracale at 20 mula sa Vinzons. Pinagkalooban din nito ng 10 yunit ng *fish cages (10 units of 4 modules/unit – 5x5x3m)* ang 4 na organisadong samahan ng mga mangingisda kung saan 2 ang mula sa Vinzons, at tig-isang benepisyaryo naman mula sa Jose Panganiban at Mercedes. Namigay rin ang *BFAR* ng *seaweed planting materials (2.0M @ 50 kg/beneficiary)* para sa may 75 kwalipikadong benepisyaryo: 18 indibidwal mula sa Brgy. Pinagtigasan, Vinzons; Banoboc, Vinzons – 7; Apuao, Mercedes – 20, at; Caringo, Mercedes – 30.

Ang *FIDA RO5* ay namigay ng 2,000 *abaca plantlet planting materials* sa pangunguna ni *Regional Dir.* Editha O. Lomario. Ang tanging benepisyaryo nito ay ang Kapatiran ng mga Magsasaka at Mangingisda ng Sta. Lucia na mula sa bayan ng Capalonga.

Maliban sa mga ipinamahaging tulong, nakapag-uwi rin ng papremyo ang mga magsasaka at mangingisda na mapalad na nanalo sa *raffle draw* na ginawa sa huling bahagi ng programa na kinabibilangan ng 60 sakong palay *seeds*; 76 *fertilizers;* 40 pirasong *garden tools*; 5 pirasong *sprayers*; 2 alagaing *cattle*, at 10 *motor engines*.

Nakatuon sa temang, "Maunlad na Agrikultura Daan sa Pag-Asenso". nakatanggap ng buhos ng biyaya at tulong mula sa kinauukulang mga ahensya ng pamahalaang nasyonal sa rehiyon.

Ang naturang mga tulong at serbisyo na natamasa ng mga magsasaka at mangingisda sa lalawigan ay bunga ng patuloy na pagsisikap at pagtitiyaga ni Gob. Tallado na makapagdala ng mga programa sa lalawigan para sa kanyang mga kababayan na bukal ng kanyang inspirasyon at determinasyon para magbigay ng mahusay at masipag na serbisyo-publiko. Aktibong katuwang dito ng gobernador ang *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na pinamumunuan ni *OIC Provincial Agriculturist* Francia B. Pajares. JING A. CALIMLIM/***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ MELINDA L. JEREZ***

# 3,000 dumalo...

*(Mula sa pahina 1)*

lahad ng buod *(overview)* ng *Food Staple Sufficiency Program (FSSP)*; pamimigay ng *certificate of land ownership awards* sa mga kwalipikadong benepisyaryo; pamamahagi ng mga *farm equipment*, *machineries* at *post harvest facilities*; at gayundin ng mga *planting materials*.

Tinipon ng pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte ang iba't-ibang ahensiya ng gobyerno – ang *PhilRice; Department of Agriculture Regional Office 5 (DA RO5); Department of Agrarian Reform (DAR); National Irrigation Administration (NIA); Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR); Fiber Industry Development Authority Regional Office 5 (FIDA RO5)* maging makahulugan ang malaking asembliyang ito ng mga magsasaka at mangingisda.

Ang kahalagahan ng adbokasiya ng NYR na "Sapat na Bigas, Kaya ng Pinas" *(Save Rice, Save Lives)* ay naipaunawa ng lubos ni *Exec. Dir.* Rasco sa mga dumalo upang sa huli ay lumagda sila sa isang kasunduan upang suportahan ang NYR at FSSP.

Nag-ulat din si Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ukol sa mga programang pang-agrikultura na naipatupad ng kanyang administrasyon sa taong 2010-2012, at inilatag din niya ang kanyang mga planong pang-agrikultural para sa taong 2013 at sa hinaharap.

Si *Engr.* Abelardo R. Bragas, *OIC Regional Executive Director (RED)* ng *DA RO5* ang nagbigay

*(Sundan sa pahina 5)*

# Gob. Tallado nag-ulat...

*(Mula sa pahina 1)*

magiging bunga ay pag-angat ng ekonomiya ng lalawigan.

Ito ang kanyang mga isusulong na proyekto sa ikalawa niyang termino kung siya ay muling mahahalal bilang gobernador ng Camarines Norte sa nalalapit na halalan:

- Pagtatayo ng mas marami pang Farm to Market Roads para madali ang paglabas ng mga agrikultural na produkto – Ang ating plano ay 1,696 kilometro ng konkretong kalsada at magbukas ng 26 kilometro mga bagong kalsada sa ibat'-ibang barangay (95 sites) sa buong lalawigan na nagkakahalaga ng 1.715B. Ang 63 sites po na may kabuuang haba na mahigit P 22.48 kilometro ay may approved funding na nagkakahalaga ng P 149.7M.
- Construction/ Rehabilitation and Restoration of irrigation Facilities covering 46.2 kms including services road improvement with a budget estimates of P 590.3M.
- Patuloy na agri-mechanization program upang ang mga nakatiwangwang pa nating mga lupa ay mabungkal at matamnan ng mga alternatibong pagkukunan natin ng pagkain.
- Pagtatayo ng bagsakan center na nag-uugnay sa mga prodyuser at mamimili sa tamang presyo.
- Pagtatayo ng organic trading post na kung saan dito natin dadalhin at bibilhin ang mga organikong produkto.
- Pagtatayo ng Farm School na magsisilbing paaralan ng mga magsasaka para sa patuloy na pagsasalin ng mga makabagong teknolohiya sa mga magsasaka.
- Patuloy na pagsasaliksik at pagsasagawa ng mga technology demonstration upang makita mismo ng mga magsasaka ang resulta ng pagsasaliksik.
- Proteksyon ng ating marine resources at rehabilitasyon ng mga nasirang ecosystem para sa sustenabling kaunlaran lalong lalo na sa mga mangrove areas at karagatan
- Production Assistance and Livelihood Support para sa ating mga magsasaka at mangingisda; at
- Patuloy na pagpapaunlad ng mga kakayahan at kaalaman ng mga magsasaka at mangingisda.

**JING A. CALIMLIM**



# CamNorte sumusuporta...

*(Mula sa pahina 1)*

gas, *OIC Regional Executive Director (RED)* ng *Department of Agriculture Regional Office 5 (DA RO5)* ang buod *(overview)* ng *Food Staple Sufficiency Program (FSSP)* na layuning magkaroon ng *self-sufficiency* ang Pilipinas sa mga pangunahing pagkain kasabay ng pagsisikap na matulungan ang mga magsasaka na magkaroon ng disente at mas maunlad na antas ng pamumuhay.

Sinundan ito ng paglagda sa kanilang nagkakaisang pangako para maisulong ang *NYR* at *FSSP* kasama ang mga magsasaka *(producers)* at mga kunsumidores.

Nagkaroon din ng panunumpa ng PANATANG MAKA-PALAY ang lahat ng dumalo para sa kanilang aktibong suporta sa *NYR* at *FSSP* na pinangunahan ni *Dir.* Reynaldo C. Castro, *PhilRice Bicol Branch Manager*.

Samantala, matatandaan na noong Oktubre 18, 2012 ay iprinoklama ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III ang taong 2013 bilang *NYR* sa bisa ng Proklamasyon Blg. 494 sa hangaring magkaroon ng *rice-self-sufficiency* ang bansa simula ngayong taong 2013. Isa itong pambansang panawagan sa lahat para maging responsable sa pagkunsumo ng bigas at iwasan ang pag-aksaya. Kasama rito ang pagsusulong ng mas produktibong pagsasaka sa pamamagitan ng mas mahusay na teknolohiya sa palayan *(rice technologies)* at pagbigay-inspirasyon sa mga magsasaka na mas pagbutihin ang pagtatanim hindi lamang para madagdagan ang kanilang kita kundi para sa paghubog nang mas malusog na sambayanang Pilipino na umaasa sa kanilang ani. JING A. CALIMLIM/***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ MELINDA L. JEREZ***

## Nagawa sa Sektor ng Agrikultura at Pangisdaan

### Farmers and Fisherfolks Forum, Abril 10, 2013

Ang Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng inyong Gobernador Egay Tallado ay naniniwala na ang maunlad na Agrikultura ay Daan sa Pag-asenso. Sabi nga sa English Agriculture is the mother of all industries and the maintainer of human life, kung kaya't sa ilalim ng aking Administrasyon, isa sa mga binuhusan ko ng pansin ay ang sector ng Agrikultura at Pangisdaan. Sa ilalim ng aking termino CY 2010 to 2013 ay mahigit sa P2.86B o mahigit sa 828.7M taun-taon on the average ang napunta sa mga proyektong Pang-Agrikultura at Pangisdaan. Ito'y ating naisagawa sa pamamagitan ng close collaboration and fund counterparting ng ibat-ibang sangay ng Pamahalaan tulad ng Department of Agriculture; Department of Agrarian Reform; Bureau of Fisheries and Aquatic Resources; National Irrigation Administration; National Food Authority; Philippine Rice Research Institute; Philippine Coconut Authority; Fiber Industry Development Authority; Bureau of Soils and Water Management; Agricultural Training Institute at Municipal Local Government Units.

Kaisa po tayo ng National Government sa layuning matamo ang kasapatan sa pagkain ngayong 2013 kung kaya't malaking bahagi ng pondo humigit kumulang P627.08M o 41% ay naka suporta sa Rice Program. Nagbigay po tayo ng grant seed capital assistance sa mga Farmers Association, Community Based Organizations ng inputs in terms of fertilizer and seeds para ang mga organizations ay may revolving fund para sa kanilang mga pangangailangan tuwing taniman. Sa ganung paraan hindi na sila pupunta sa mga nagpapafive six. Umabot po sa 27.41M halaga ng fertilizer ang naipamahagi natin sa mga magsasaka kasama na dyan ang pagtayo natin ng organic fertilizer processing center at pagpagawa ng soil mini lab para sa mga pangangailangan Organic Fertilizer at trichoderma ng ating mga magsasaka.

Bilang suporta sa pagsulong ng Organic Agriculture 53 sets of small scale composting facilities ang naipamahagi sa mga magsasaka upang kayo mismo ang gumawa ng mga kinakailangan n'yong mga fertilizers sa ganong paraan mababawasan ang inyong gastosin at di na kayo magsusunog ng dayami na nakakaapekto sa pagkasira ng environment na

*(Sundan sa pahina 2)*

# Bantayog Youth Forum dinagsa

Sa taunang pagdaraos ng Bantayog Festival para sa pagdiriwang ng anibersaryo ng Camarines Norte, ngayong taon ay inilunsad ang isang bagong gawain–ang *Bantayog Youth Forum na noong Abril 23, 2014 bago ang Parada ng Kabataan para sa Kagitingan.*

Tatlong libo at anim na daang kabataan ang dumalo dito mula sa iba't-ibang samahang kabataan sa buong lalawigan higit sa lahat mula sa bagong samahang binuo ng *Provincial Youth Affairs Office (PYAO)*, ang *Youth Volunteers for Empowerment (YVE)*. Dumalo din dito ang ilang kinatawan ng mga iskolars ng *Provincial Government College Education Assistance Program (PGCEAP).*






*(mula sa kaliwa)* Bb. Jasmine Reina Echaluce -Bb. Bantayog *Tourism; Miss* Febelin Peña *Bb. Camarines Norte 2013* at Bb. Cherry Mae Reyes Bb. Bantayog 2013.

Layunin nito na mapagsama-sama ang iba't-ibang samahan ng mga kabataan sa lalawigan para mas magkakilanlan upang tumatag ang kanilang ugnayan upang mabuo ang kultura ng pagkakaisa at pagtutulungan ng mga kabataan bilang mga potensyal na lider sa hinaharap.

Samantala, sa mensahe ng Punong Lalawigan Edgardo A. Tallado, kanyang ipinabatid sa mga kabataan ang kanyang mga programang para sa kanilang kagalingan, isa na nga ang PGCEAP o Provincial Government College Education Assistance Program. Sinabi din niya na ang PYAO ay natatag sa ilalim ng kanyang pamunuan upang mangasiwa sa mga proyektong pangkabataan. Nagtalaga siya dito ng mahusay na mamamahala, si G. Bong Palma upang masiguro na maisusulong ang youth empowerment.

Ang *'forum'* ay ukol sa *Youth Empowerment* kung saan ang mensaheng ipinarating sa kabataan ay magkaroon ng mas lumawak na kaalaman, pang-unawa at pananaw sa kahulugan ng isang TUNAY na lider. *JAC/LDLI*

# 13 lumahok sa gandang patimpalak

Si *Miss* Febelin Peña ng Brgy. Lag-on, Daet ang kinoronahang *Bb. Camarines Norte 2013* sa *Search for Bb. Camarines Norte 2013 Grand Pageant Night* noong Bantayog Festival 2013 mula 13 kalahok at napanalunan din niya ang *Best in Gown Competition*

Ang kandidata mula sa bayan ng Paracale na si Bb. Cherry Mae Reyes ang nakakuha ng titulong Bb. Bantayog 2013. Napanalunan naman ni Jasmine Reina Echaluce ng Brgy. 5, Daet ang Bb. Bantayog *Tourism* habang *1st runner-up* naman si Abegail Ortega ng Brgy. Pamorangon, Daet, na humakot ng maraming *minor at corporate awards*. *2nd runner-up* si Patricia Joyce Dames ng bayan ng Talisay. Si April Rose Zabala ng Brgy. 5, Daet ang *Miss Friendship 2013* at si Mae Ann Gonzaga ng Brgy. Gubat, Daet ang *Miss Photogenic 2013*.

Ang grupo ng inampalan ay kinabibilangan nina Mr. Deo Macalma ng DZRH, Mr. Eric Galora; Dr. Myrna P. Rojas; Mr. Bernard Supetran at Ms. Judy Villanueva.

Si Unang Ginang Josie B. Tallado, ang kumatawan kay Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado. Pinangasiwaan ng Provincial Tourism Operations Division ang naturang patimpalak ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:***

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM
***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco,
***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula
***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.
***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;



*(Mula sa kaliwa) Board Member Romeo Marmol, BFAR Regl. Director Dennis V. Del Socorro, BFAR Director Atty. Asis G. Perez, Gob. Edgardo A. Tallado; Bise Gob. Jonah G. Pimentel at Dir. Reynaldo C. Castro, PhilRice Bicol Branch Manager at ang mga dumalo sa Farmers and Fisherfolks Forum sa kanilang panunumpa ng PANATANG MAKAPALAY .*

# 3,000 dumalo...

*(Mula sa pahina 3)*
ng buod *(overview)* ng *Food Staple Sufficiency Program;*

Sina *OIC RED* Bragas ng *DA RO5*; *Engr.* Antonio S. Nangel, *administrator* ng *National Irrigation Administration (NIA)* at Atty. Asis G. Perez, *director* ng *BFAR* ay nagbigay ng kani-kaniyang mensahe sa okasyon at pangako ng suporta sa *FSSP*, 'Sapat na Bigas, Kaya ng 'Pinas' *campaign*, at iba pang programang pang-agrikultura.

Binigkas rin ng lahat ng naroon ang PANATANG MAKA-PALA bilang sumpa ng kanilang aktibong suporta sa *NYR* at *FSSP*

Kasunod nito, ang paggawad ng *certificate of land ownership awards* para sa 80 kwalipikadong benepisyaryo na pinangunahan ni *Atty.* Maria Celestina M. Manlangit-Tam, *Regional Director*, *DAR* na nagbigay rin ng mensahe sa okasyon.

Nagkaroon din ng *open forum* kung saan malayang nakapagtanong sa kinauukulang mga opisyal ang mga magsasaka at mangingisda patungkol sa mga usapin, isyu at inisyatibong pang-agrikultural na ipinatupad, ipinatutupad at ipatutupad ng mga ahensya ng pamahalaang nasyonal. JING A. CALIMLIM/ ***LORENA DELA TORRE***

# Daet Elem.Sch. wagi sa DLC Contest

Abril 23, isinagawa ang *Drum and Lyre Corps (DLC) Competition* na tinanghal na kampeon dito ang *Daet Elementary School (DES)* at nakuha ang premyong P16,000.00. Ang ikalawa at ikatlong puwesto ay nakuha ng *Mercedes Elem. School (MES)* at *Calasgasan Elem. School (CES)* na tumanggap ng premyong P11,000.00 at P9,000.00, ayon sa pagkakasunod. Ang hindi pinalad na manalo ay pinagkalooban naman ng *consolation prize* na tig-P2,000.00.

Hinakot ng DES Lahat ng *special awards* sa kumpetisyon gaya ng *Best Conductor*, *Best Majorette* at *Best Trainer*. Na may tig-P2,000.00 pabuya.

Ang *DLC Competition* ay pinamahalaan ng Museum & Archives Services, Cultural Division. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JAC***




*Makikita ang mga magsasakang lumagda sa white board para sa Commitment of Support sa programang "Sapat na Bigas, Kaya ng Pinas" kaugnay ng National Year of Rice ngayong taon.*



Tinanghal na kampeon ang Rahugan *Festival* ng *LGU* Basud sa *Street* at naiuwi ang premyong P50,000.00 at kaukulang tropeyo sa *Street Dancing Competition*




# Sa ika-93 anibersaryo...

*(Mula sa pahina 8)*
grama dahil sa mga katangi-tanging nagawa ng Camarines Norte para mapabuti ang kalagayan ng mga kabataan at kababaihan. Sa talumpati ni Gob. Tallado, taus-puso niyang pinasalamatan si *Ms. Daniels* at ang buong *UNFPA group* sa tulong nito para sa Camarines Norte.

Ang ika-93 anibersaryo ng Camarines Norte ay ipinagdiwang sa loob ng 2 Linggo na kinapalooban ng iba't-ibang gawain. Natuon sa temang, "Bawat CamNorteño Katuwang sa Maaliwalas, sinimulan ito ng Abril 15 sa pamamagitan ng isang Misa ng Pasasalamat na idinaos sa *St. John the Baptist Church*-Daet na dinaluhan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado at kanyang may-bahay na si Mam Josie Baning-Tallado kasama ang ilang matataas na opisyal ng lalawigan, lokal at nasyonal man.

Sinundan ito ng *flag raising ceremonies* sa *Provincial Capitol Grounds*, kasunod ang *commemorative program* Isinagawa naman sa dakong hapon ang isang *socio-civic at military* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***




**Nakaupo mula sa kaliwa, Cristy Rivera ng DTI, G. Joey Boma, Bise Gob. Jonah G. Pimentel katabi ang kanyang kabiyak na si Bembem. Kuha ang larawabn sa opening ng Agro-Industrial Fair noong Bantayog Festival 2013**

# Local exhibitors ipinagmalaki produktong sariling atin

Umabot sa 29 *local exhibitors* ang sumali sa Bantayog *Festival Agro-Industrial Fair* na idinaos sa Magallanes Street simula Abril 17-26, 2013.

Pormal na binuksan sa publiko ang naturang eksibit pagkatapos ng *ribbon cutting ceremony* noong ika-4 ng hapon ng Abril 18 sa pangunguna nina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at G. Joey Boma, Acting Provincial Administrator.

Ang pagpresenta sa mga *exhibitors* at ang pagpakilala ay isinagawa ni Ms. Christie A. Rivera, tagapamuno ng *Business Development Division* ng *Department of Trade and Industry-Camarines Norte Provincial Office (DTI-CNPO)* mga panauhin.

Ang mga *local exhibitors* na lumahok ay ang: Big Norman's Garden *Supplies and Services*; Baby Ruth *Gardens*, Lyn's *Ornamentals*, Habana *Garden*, Bulakeña *Garden*, *OPAG Provincial Farm*, *SL8 Agri-Tech*, De Velez *Multi-Purpose* Kalan, Anacondahz *Furniture*, Esmith *Bamboocraft*, Tabing-Ilog *Neighborhood Association*, Camella Naga/*Asia Plus Corporation*, *The Red Coconut Burger*, Abby's Pasalubong, Boyuboy *Integrated Development Association*, Caayunan *Multi-Purpose Cooperative*, *V and M Native Delicacies*, *Women and Families of San Lorenzo Ruiz MPC*, Dhang's *Handi*, *DTI-CARP*, *Northlink Events and Travel Services*, *Gold Jewelcraft*/ Silverado *Jewelry*, *First Standard Finance Corporation*, *Tupperware Brands*, *CNSC Young Entrepreneurs*, Lyn's *Local Bags*, Dond's *Accessories*, Shiara's *Flower Shop* at *Accessories for All Seasons*.

Partikular na ipinakilala rito ang pinyang '*Queen*' na mas kilala sa pamilihan bilang *Formosa*. Ito ang itinuturing na pinakamatamis na pinya hindi lamang sa bansa kundi maging sa ibayong dagat man.

Matatandaan din na ang '*Formosa*' ay unang ini-eksport ng Camarines Norte sa bansang Korea noong Abril 2006; at naitampok na rin ito sa *Hongkong Food Exposition* noong Agosto 17-21, 2006 sa *Hongkong Convention and Exhibition Center* sa *Wanchai*, *Hongkong* sa pagtataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte, *Department of Trade and Industry (DTI)* at mga kinauukulang pamahalaang lokal. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

## 55 hired...

*(Mula sa pahina 7)*

mga ahensya para lumahok sa naturang gawain dito. Ang mga aplikante ay nakakatitipid din sa pasahe at iba pang kaakibat na gastusin.

Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng *Public Employment Service Office (PESO)* na nasa ilalim ng pangangasiwa ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* at sa pakikipagtulungan ng *Department of Labor and Employment (DOLE)*. ***MARILYN PACINOS-ASIS***

# Skills Olympics para sa kahandaan sa panganib, isinagawa

Matagumpay na naisagawa ang *2013 Provincial DRR/CCA Skills Olympics* noong ika-23 hanggang ika-26 ng Abril, 2013 sa Sanayang Pangkaligtasan ng Camarines Norte na nasa Sitio Mat-I, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons, Camarines Norte. sa pamamagitan ng *Provincial Disaster Risk Reduction Management Office (PDRRMO)* na pinamumunuan ni *PDRRM Officer* Carlos C. Galvez, Ph.D.

Ang nasabing aktibidad ay mayroong dalawang kategorya, ang *Municipal Emergency Action Team (MEAT)*, at ang *SK Emergency Response Team (SKERT)* na tinatawag ding *Youth Emergency Action Team (YEAT)*. Lumahok sa *MEAT Category* ang mga bayan ng Basud, Labo at Daet habang ang Brgy. Talobatib ng Labo, Brgy. Pambuhan ng Mercedes, at Brgy. Guinacutan ng Vinzons naman ang sumali sa *SKERT* o *YEAT category*.

Sa unang araw ng nasabing *Skills Olympics*, isinagawa ang *DRR/CCA Quiz Relay*, *DANA Problem Solving (Theory)*, *Typhoon Tracking and Plotting*, *Fire Rescue and Evacuation Techniques*, at ang *Fire Control Techniques* na kinabibilangan ng: a) *Bucket Relay* at; b) *Fire Truck*. Isinagawa naman sa pangalawang araw ang *Basic Life Support/First Aid*: a) *Rescue Breathing* at; b) *Cardio-Pulmonary Resuscitation*, *Bandaging Relay*, at *Victims Carries* at *Transport Relay*. Sa pangatlo at pang-apat na araw naman idinaos ang paligsahan para sa *Problem Solving in Multi-Hazard Response Scenario with Map Reading*, *Land Navigation* at *Obstacles Traverse*.

Ang mga koponan na nanalo sa bawat *event* para sa dalawang (2) kategorya ay nagkamit ng halagang papremyo na P500.00 para sa *1st Prize*; P300.00 sa *2nd Prize*, at P200.00 sa *3rd Prize*. Bukod dito, nagbigay pa ng karagdagang P1,500.00 sa bawat kalahok na grupo bilang insentibo para sa kanilang pagsali sa nasabing *Skills Olympics*.

Tinanghal na *overall winners* sa *MEAT Category* ang Basud na may premyong P20,000.00 at tropeyo; Labo - *1st Runner-Up* at gantimpalang P15,000.00, at Daet - *2nd Runner Up* at P10,000.00 *cash prize*.

Sa *SKERT* o *YEAT Categroy*, kampeon ang Brgy. Talobatib sa bayan ng Labo na naiuwi ang gantimpalang 20,000.00; *1st Runner-Up* - Brgy. Pambuhan, Mercedes at P15,000.00 *cash prize*, at *2nd runner up* - Guinacutan, Vinzons at premyong P10,000.00.

Naisakatuparan ang mga nabanggit na paligsahan para sa iba't ibang aspeto ng kahandaan sa *Disaster Risk Reduction and Management* sa tulong ng mahuhusay at mga iginagalang na hurado na kinabibilangan nina G. Arnold M. Ignacio at Rolly B. Cayao mula sa *PDRRMO* Camarines Sur; G. Jorge M. Mesa mula sa *LGU* Lupi, Camarines Sur; G. Ferdinand Q. Ferrer, G. Zandro F. Dames at G. Matt Jenno D. Balce mula sa *Philippine Red Cross Daet Chapter*, Gng. Jennelyn V. Masagca, G. Filjohn B. Tychingco at Bb. Donna Coleen G. Nieva mula sa *HEMS-Provincial Health Office*, at Sally E. Borres mula sa *Department of Education (DepEd)* Paracale.

Nagtapos ang nasabing *Skills Olympics* sa pamamagitan ng isang angkop na programa kung saan nagbigay ng kani-kanilang mensahe ang mga kinatawan ng bawat koponan na lumahok gayundin ang tinaguriang Ama ng mga Batang Kalasag na si *PDRRM Officer* Galvez. Sinundan ito ng pagbibigay ng mga papremyo at tropeo sa mga nanalong koponan. ***ARJOHN JAKE S. BELLEZA***

# Operation Smile 2013 40 may bungi at depekto, inoperahan

Humigit-kumulang sa 40 kataong may bungi at iba pang kahalintulad na depekto ang maayos nang nakakangiti ngayon matapos na mabigyan ng libreng operasyon sa 3-araw na *Operation Smile* na isinagawa sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* simula Abril 15 hanggang Abril 17.



Ang naturang *humanitarian project* ay itinaguyod ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado sa pakikipagtulungan ng *Philippine College of Oro-Maxillo Facial Surgeon (PCOMFS)* na nagdala ng *surgical team* dito. Ito ay kinabibilangan ng mga dalubhasang *maxillo-facial surgeons* mula sa lungsod ng Maynila na boluntaryong nagbigay ng libreng serbisyo sa mahihirap nating kababayan na may bungi at kahalintulad na depekto.

Matatandaan na si Gob. Tallado ay nagpalabas ng pondo mula sa kanyang tanggapan para matustusan ang gastusin sa 3-araw na *Operation Smile* na nagmula sa *Medical Indigency Program/Assistance to Indigents*. Naging benepisyaryo nito ang mga kababayan nating una nang nakapasa sa *prescreening* at ebalwasyon na isinagawa ng *CNPH* kaugnay ng naturang serbisyong-medikal.

Patuloy na binibigyang-prayoridad ni Gob. Tallado ang mga kahalintulad na programa at gawain sa layuning mapabuti ang kalusugan at pisikal na kondisyon ng ating mga kababayan at matulungan sila na makapamuhay nang normal at mapanumbalik at/o maiangat ang kumpiyansa nila sa kanilang sarili. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# 55 hired on the spot sa Provincial Jobs Fair

Kasabay sa kambal na pagdiriwang ng ika-98 na anibersaryo ng lalawigan at 8th Bantayog Festival, nagsagawa ng *Provincial Jobs Fair* ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte noong Abril 17-18, 2013 sa *Little Theater*, Camarines Norte *Agro Sports Center*, Daet.

Sa naturang *jobs fair*, umabot sa 514 ang kabuuang bilang ng mga aplikante ang nagparehistro. Mula sa naturang bilang, 55 ang *hired-on-the spot* para sa lokal na trabaho, 94 ang naka-iskedyul para sa kaukulang interbyu at 365 ang naitalang mga kwalipikado na maghihintay ng tawag ng ahensya.

Samantala, may kabuuang 3,725 ang bakanteng trabaho na naghihintay para pamilian ng mga aplikante kung saan 850 ang para sa *local employment* at 2,875 naman para sa *overseas employment*.

Ang mga kumpanya at ahensyang lumahok sa *jobs fair* ay ang mga sumusunod: para sa *local employment*: *Shoe Mart (SM)*; *DN Steel*; *Naga Fuel*; *Stretch Distribution*; *Graceland*; *ChowKing*; *Dei Gracia Academy*; *Sincere Management Staff*; *Jollibee*, at *All Season Placement Agency*, at para sa *overseas employment*: *Lead Resource Management Corporation*; *Lyr International Manpower Services*; Lakas Tao *Contract Service Ltd.*, at *Shaso International Manpower Services Inc.*

Matatandaan na taun-taon ay nagsasagawa ng dalawa hanggang tatlong beses na *Jobs Fair* ang Pamahalaang Panlalawigan upang matulungan ang mga mamamayan na makapaghanap ng trabaho sa loob o labas man ng bansa dahil ang mga ahensiya na mismo ang nagtutungo dito sa lalawigan. Sa pamamagitan din nito ay maiiwasan na mabiktima sila ng mga *illegal recruiters* lalo na yaong mga nag-aapplay sa ibayong dagat dahil ang mga ahensiyang kasali sa *jobs fair* ay pawang rehistrado sa *Philippine Overseas Employment Administration (POEA)* na siya mismong nag-imbita sa

(Sundan sa pahina 6)




***Nasa bulletin board ang mga hanap-buhay na ipinabatid noong Provincial Jobs Fair ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte noong Abril 17-18, 2013 sa Little Theater, CN Agro Sports Center,***

# Farm Youth Devt. Program sa lalawigan, pinuri ng regl. program coordinator

"Produktibong Kabataan: Kaagapay sa Kabuhayan at Kaunlaran", ito ang tema sa ginanap na Provincial Farm Youth Achievement and Recognition Day noong Abril 19, 2013 sa Little Theater, Camarines Norte Agro Sports Center.

Ang taunang pagkilala sa kakayahan ng ating mga kabataan ay magkakatuwang na inihandog ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng OPAG, MLGUs, Provincial at Municipal 4-H Club Federation, Department of Agriculture-Agricultural Training Institute, DA Regional Office No. 5, Volunteer Leaders Association of the Philippines (VLAP) at Japan Agricultural Exchange Council Alumni Association of the Philippines (JAECAAP).

Sa ginanap na palatuntunan, binaggit ni Acting PA Francia Pajares na ang kabataang lalaki at babae ay malaki ang kontribusyon hindi lamang sa larangan ng agrikultura kundi sa pangisdaan at paghahayupan. Pinaabot ni Mrs. Pajares ang suporta ni Gob. Edgardo Tallado sa mga kabataan at ang hamong patuloy na mangarap, magsikap at huwag mawalan ng pagasa. Ayon pa rin kay Mrs. Pajares, hindi kailanman pababayaan ng pamahalaan ang mga kabataan dahilan sa mahalagang papel na ginagampanan nito sa pagunlad ng agrikultura sa lalawigan.

Nagbigay din ng mensahe si Ms. Aloha Gigi Bañaria, Regional Farm Youth Development Program Coordinator mula sa Department of Agriculture, Rehiyon 5 na nagbigay inspirasyon sa mga kabataan na dahilan sa lubos na suportang ibinibigay ng LGU, ang lalawigan ng Camarines Norte ay kabilang sa dalawa na tanging lalawigan sa Bicol Region na nagsasagawa ng ganitong pagtitipon. Ang Camarines Norte rin ay nagpapanalo sa National Gawad Saka sa kategorya ng Outstanding Youth Farmer, pinakamaraming natulungang kabataan na nakapunta sa bansang Hapon upang madagdagan ang kaalaman mula sa lalawigan ang nabiyayaan ng tulong pinansyal na nagkakahalagang P680,000.00 pondo para sa kanilang mga livelihood projects.

Dumalo rin sa pagtitipon, si BM Romeo Marmol na siyang kinatawan ni Gob. Edgardo Tallado at kanyang pinaabot ang pag-anyaya na tangkilikin ng mga kahalagahan ng pag-aral at itinuring na ang agrikultura ay isang gawaing marangal at dapat pagyamanin.

Kaugnay ng pagtitipon, nagkaroon ng ibat-ibang patimpalak na pinanalunan ng mga sumusunod na kalahok*:* **4-H Quiz**-1st – Manuel Odi; 2nd – Irene Gabon; 3rd – John Paul Panol; ***Extemporaneous Speaking***-1st – Manuel Odi; 2nd – Joseph Peña; 3rd – Wilbert Aburin; ***Poster Making***-1st – Rolly Balbaira; 2nd – March Mojico; 3rd – Maricris Sornillo; ***Singing***-1st – Winky Mañago; 2nd – Kyle Kate Par; 3rd – Princess Jane Delos Santos;

***Livestock & Poultry Processing with Packaging and Labelling***-1st – Nikko Roxas; 2nd – Kennedy Barreto; 3rd – Wendy Flores; ***Rice-Based Product Development*** 1st – Marilou Gorobat; 2nd – Daryl Advincula; 3rd – Euvegildo Cervantes; ***Handicraft*** 1st – Marilou Gorobat; 2nd – John Darwin Rosales; 3rd – John Paul Panol; ***Cooking Rootcrops-Kakanin*** 1st – Edison Mañago; 2nd – Analie Sarical ; 3rd – Den Marc Diaz

Upang bigyang pansin ang *four-fold development* ng 4-H Club na ang apat na H ***H****ead*, ***H****eart*, ***H****ands* and ***H****ealth, nagkaroon din ng patimpalak ukol dito. Napili na* ***Mr. 4-H CN*** – John Sabiniano; ***Ms. 4-H CN*** – Ailla Marie Mapa; ***Mr. Head*** Arvin Mabeza; ***Ms. Head*** Angelica Sarco; ***Mr. Heart*** Melvin Nemi; ***Ms. Heart*** Analie Sarical; ***Mr. Hands*** Kim Molina; ***Ms. Hands*** Maricar Cerillo; ***Mr. Health*** Joshua Mabeza; ***Ms. Health*** Venus Sical; ***Mr. Best in Farm Wear*** Leovie dela Rosa; ***Ms. Best in Farm Wear*** Angelica Sarco; ***2nd Runner Up*** John Sabiniano; ***2nd Runner Up*** Analie Sarical; **3rd Runner Up** Melvin Nemi; ***3rd Runner Up*** Maricar Cerillo; ***Outstanding Young Farmer*** Maricar Navarro; ***Outstanding Young Farmer Organization*** Talobatib 4-H Club

Binigyan ng cash prize ang mga kalahok sa bawat patimpalak na kanilang sinalihan. Binahagi naman ni Norman Zamudio, YFFTPJ graduate Batch 2012 ang kanyang karanasan bilang young farmer na mapalad na nagbigyan ng pagkakataon na magsanay at matuto ng modernong pamamaraan ng pagsasaka sa bansang Hapon. Sa pagtatapos ng palatuntunan ay namahagi ng sertipiko ng pagkilala sa mga dumalo at candle lightning na malugod na sinamahan ng mga technicians sa bawat bayan, volunteer leaders, YFFTPJ graduates at ang Provincial Coordinator na si Gng. Irene J. Olivar. ***MELINDA JEREZ/jing a. calimlim***

# Rahugan Fest panalo!

Tinanghal na kampeon ang Rahugan *Festival* ng *LGU* Basud sa *Street Dancing Competition* na idinaos noong Abril 25 kaugnay pa rin sa selebrasyon dito ng ika-93 taong anibersaryo ng ating lalawigan at naiuwi nito ang premyong P50,000.00 at tropeyo.

Pumangalawa rito ang Kadagatan *Festival* ng *LGU* Mercedes na may premyong P30,000, pumangatlo ang Busig-On *Festival* ng *LGU* Labo na nasungkit ang premyong P20,000.00 at tropeyo. Ang mga hindi mapalad na manalo sa paligsahan ay pinagkalooban naman ng *consolation prize* na tig-P5,000.00.

Samatala, sumali naman sa *street dancing* ang *Camarines Norte Provincial Police Office (CNPPO)*, hindi bilang kalahok kundi bilang pagpapakita nito ng suporta sa panlalawigang selebrasyon.

Si Mr. Jun Jun Generoso ng *Department of Tourism Regional Office 5 (DOT RO5)* ang nagsilbing tagapamuno ng grupo ng inampalan. Nakatulong niya sa pagpili ng mga nanalo sina Mr. Arnel P. Plantado, *PhD.* na tumayong *vice chairman* kasama ang mga miyembro na sina Ms. Annalie O. Dalura, Merly Lamdagan, Nunoy Reyes at Jobert Narvadez. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Sa ika-93 anibersaryo ng CamNorte, kagamitang medikal, tinanggap mula sa UN

Simple ngunit makahulugan ang pagsisimula ng selebrasyon dito ng ika-93 taong pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte noong Abril 15, 2013 dahil sa *Ceremonial Turn-Over of United Nations Population Fund (UNFPA) Medical Equipment* na tinatayang aabot sa halagang P1.6 milyon na bahagi ng P2 milyong tulong na naipangako ng *UNFPA* sa Camarines Norte.

Ang *medical assistance package* ay binubuo ng tigsa-10 na piraso ng *sterilizers 14 L; nebulizers; oxygen concentrator,* at *bedscreen;* tigda-20 na piraso ng *infant ambu-bags; baby cots; mattress for baby cots; revolving stools; dopplers; infant scales; adult scales; examination lights; instrument trays,* at *sphygmomanometers* gayundin ang 16 pirasong *suction pumps* at 18 pirasong *infusion stands.* Ang benepisyaryo nito ay ang 17 *rural health units* na kinabibilangan ng: *RHUs* ng Basud, Capalonga, Mercedes, Paracale, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Sta. Elena, Talisay at Vinzons; Daet *RHUs 1-3*; Jose Panganiban *RHUs 1-2* at Labo *RHUs 1-3.*

Si Ms. Ugochi Daniels, *UNFPA Country Representative* ang naging bisita para sa *turn-over* ng mga medikal na mga kagamitan. Nagpaunlak ng mensahe sa okasyon si Ms. Daniels na binigyang-diin na ang Camarines Norte ay isa lamang sa iilang napili ng *UNFPA* na maging benepisyaryo ng kanilang pro-

*(Sundan sa pahina 5)*



***Si Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Gob. Edgardo A. Talldo , Si* Ms. Ugochi Daniels *UNFPA Country Representative at Dr. Myrna Roxas ng Provincial Hospital* para sa *Turn-Over of Medical Equipment* sa mga Rural Health Units ng 12 bayan ng Camarines Norte.**



***Si Congresswoman Cynthia Villar sa kanyang pagbibigay mensahe sa ika-93 Anibersaryo ng Camarines Norte. Kanyang sinabi na ipagpapatuloy niya ang kanyang advokasiyang Hanep-Buhay***

# Kilalang mga personalidad nakiisa sa Bantayog Fest

Simula Abril 14 -26 ang naging pagdiriwang ng ika-93 taong pagdiriwang ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte, tampok ang 9*th Bantayog Festival* na dinagsa ng mga kilalang personalidad.

Sa *commemorative program* noong ika-15 ng Abril sa *provincial capitol grounds*, Si Ms. Ugochi Daniels, *Country Representative United Nations Population Fund (UNFPA)* ang naging panauhin para sa pagkakaloob sa lalawigan ng mga medikal na kagamitan.

Sa hapon ay dumating naman si Congresswoman Cynthia Villar na nagbigay mensahe at nagbigay kasiyahan sa lahat dahil kasama niya si Saicy Aguila, dating *housemate* sa Pinoy Big Brother reality show ng ABS-CBN na nagpakitang gilas sa kanyang pagsasayaw.

Noong ika-19 ng Abril, si Deo Macalma, sikat na mamamahayag mula sa *DZRH* ang isa sa naging hurado sa *Search for Bb. Camarines Norte* at noong Abril 26, tampok ang Mocha Girls at Maskulados sa *variety show.*

Ang iba pang naging gawain sa 2-linggong selebrasyon ay ang mga sumusunod: April *14 – Tribute to Local Heroes;* Abril 16 – *boxing competition;* Abril 16-23 - *Tourism and Trade Fair Exhibit;* Abril 17 – *Drumline Competition;* Abril 17-18 – *Provincial Job Fair* sa Abril 17-18; Abril 18 - Libreng Gupitan; Abril 18-26 - *Visual Arts Display;* Abril 18-21 - *5th Bantayog Climb 2013 Mount Labo Conquest;* Abril 18-26; Abril 20 - *Bikini Open*; Abril 20-21 – *Kayak Surfing Clinic* at Bagasbas *Surfing Clinic;* Abril 21 - Bantayog Fun *Run 2013* at 2*nd Bagasbas Strong Man Competition;* Abril 19 - *DLC Competition* at Parada ng Kabataan Para sa Kagitingan; Abril 23 – *Dance Showdown*; Abril 23-27 - 2*nd Bantayog football clinic;* at sa Abril 23-26 - *2013 Provincial Disaster Risk Reduction/Climate Change Adaptation Skill Olympics.*

***JingCalimlim/ LorenadelaTorreIbasco***



Si Saicy Aguila, dating *housemate* sa Pinoy Big Brother